# Paggamit sa Portal ng Kalahok (Mabilisang Gabay) (Participant Portal)

**MAHALAGA!** Sa gabay na ito, ipinagpapalagay na nag-log in ka sa Secure Access Washington (SAW) at binuksan mo ang Portal ng Kalahok.

Kung hindi ka pa nakakagawa ng Secure Access Washington (SAW) account at hindi mo pa naidaragdag ang Portal ng Kalahok ng Tanggapan ng Mga Administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings, OAH), pakisunod ang isa sa mga gabay na ito:

Paggawa ng SAW account at pagdaragdag ng Portal ng Kalahok:

- Mabilisang Gabay
- Kumpletong Gabay (sa English lang)

Para sa tulong, tumawag sa **+1-800-583-8271** mula 7am hanggang 5pm, Lunes hanggang Biyernes, maliban kapag holiday.

**TANDAAN:** Hindi ka dadalo sa iyong pagdinig sa Portal ng Kalahok.

Isinasagawa sa telepono ang karamihan ng mga pagdinig. Tingnan ang iyong Abiso sa Pagdinig – kakailanganin mong kumpirmahin ang iyong numero ng telepono (tinutukoy bilang “check-in”) at tatawagan ka ng hukom *o* kakailanganin mong mag-dial in sa isang conference call para sa iyong pagdinig.

## Tungkol sa Portal ng Kalahok

Sa Portal ng Kalahok, makikita ang lahat ng docket na naka-link sa iyong ID ng Kalahok (Participant ID, PID).

Magagawa mong tingnan ang mga detalye para sa bawat docket, tingnan ang mga dokumento para sa docket na iyon – at i-download ang mga ito o mag-upload ng mga bago.

Makikita mo sa Portal ang petsa at oras ng anumang paparating na pagdinig. Tingnan ang Abiso sa Pagdinig para sa higit pang detalye tungkol sa kung paano dadalo; posible itong magbago kada pagdinig o para sa mga pagdinig para sa iba't ibang apela sa ahensya.

## Mabilisang Gabay

- **Home (Home)** – i-click ang button na Home anumang oras para bumalik sa home page ng iyong Portal.
- **Magdagdag ng Kaso (Add Case)** – i-click ang button na ito para magdagdag ng mga docket sa iyong Portal. Tandaan, kung naka-link na ang docket, makakatanggap ka ng mensahe ng error.
- **Mga Detalye ng Kalahok (Participant Details)** – ang mga ito ay ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan. Puwede kang magdagdag o mag-delete ng mga numero ng telepono at email. Para baguhin ang iyong mailing address, tumawag sa **+1-800-583-8271**.

- **Ang Iyong Mga Kaso (Your Case)** – ay listahan ng lahat ng docket na naka-link sa iyong PID. I-click ang Tingnan ang Mga Detalye sa alinmang row para makita ang mga detalye at dokumento, kabilang ang mga audio file mula sa iyong mga pagdinig.
- **Tingnan ang Mga Detalye (View Details)** na screen – ang screen na ito ay nagbibigay ng mas detalyadong breakdown ng docket na iyon. Kabilang dito ang seksyong Mga Electronic na Dokumento kung saan magagawa mong mag-download (at tumingin) ng mga file at mag-upload ng mga bagong file na isasaalang-alang ng hukom.

  **TANDAAN:** Kung may iba pang panig sa iyong pagdinig, at mag-a-upload ka ng mga dokumento sa Portal ng Kalahok, kailangan mo pa ring ihain ang mga dokumentong iyon sa iba pang panig.
- **Alisin ang Account (Remove Account)** – Bagama't isinasaad ng mga paglalarawan para sa aksyong ito na isinasara mo ang iyong account sa Portal ng Kalahok, inaalis lang nito sa iyong account sa Portal ang lahat ng docket. Para alisin ang Portal ng Kalahok, kailangan mong gawin iyon mula sa listahan ng mga serbisyo ng SAW.

---

Kung ikaw ay may anumang tanong o nangangailangan ng higit pang tulong:

Tawagan ang OAH sa **+1-800-583-8271** o,

Bumisita sa **www.oah.wa.gov**.